

# NAGOYA PROTOCOL

## **Para Sa Pagbibigay-daan sa Pagkuha ng Genetikong Kayamanan at ang Pantay-Pantay at Karampatang Pagbabahagi ng Mga Benepisyo Mula sa Kanilang Paggamit ng Kasunduan para sa Samu't-Saring Buhay**

Ang mga Partido sa Protocol na ito,

Na siyang Partido sa Kasunduan ng Samu't Saring Buhay, at magmula ngayon ay tutukuyin na bilang “ang Kasunduan”

Binabalik-tanaw na ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng mga benepisyo mula sa paggamit ng mga genetikong kayamanan ay isa sa tatlong pangunahing layunin ng Kasunduan, at kinikilala na ang Protocol ay itutulak ang pagpapatupad ng mga layuning ito sa loob ng Kasunduan;

Muling pinapagtibay na ang kataas-taasang karapatan ng mga Estado sa kanilang mga pang-kalikasang kayamanan at yung mga umaayon sa mga itinatadhana ng Kasunduan;

Binabalik-tanaw muli ang artikulo 15 ng Kasunduan;

Kinikilala ang mahalagang tulong sa likas-kayang kaunlarang gawa ng paglilipat ng teknolohiya at pagtutulungan upang maitayo ang kakayahan sa pagsasaliksik at pagbabago upang dagdagan ang halaga ng genetikong kayamanan sa mga mahihirap na bansa, sang-ayon sa artikulo 16 at 19 ng Kasunduan;

Kinikilala na ang kamulatan ng publiko sa halagang pang-ekonomya ng ecosystem at samu't saring buhay at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi nitong halagang pang-ekonomiya sa mga tagapangalaga ng samu't saring buhay ay mahahalagang insentibo para sa pangangalaga ng samu't saring buhay at ang napapanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi;

Tinatanggap ang posibleng papel ng pagbibigay-daan sa pagkuha at pagbabahagi ng benepisyo upang makatulong sa pangangalaga at mapagpanatiling paggamit ng samu't saring buhay, pagtanggap ng kahirapan at pagpapanatli ng kapaligiran daan upang makatulong sa pagkamit ng “Millennium Development Goals”;

Tinatanggap ang koneksyon ng pagbibigay-daloy sa pagkuha ng genetikong kayamanan at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng mga benepisyo mula sa paggamit ng yaong mga kayamanan;

Kinikilala ang kahalagahan ng pagbibigay ng katiyakang legal sa mga bagay ukol sa pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa kanilang paggamit; Muli pa at kinikilala ang kahalagahan ng pagtaguyod ng pagkamakatao at pagkamakatarungan sa usapin ng paggawa ng kasunduan sa mga nagpapagamit at gumagamit ng genetikong kayamanan;

Kinikilala rin ang mahalagang papel ng kababaihan sa usaping “access and benefit-

sharing” at sinusugan ang pangangailangan na buong paglahok ng mga kababaihan sa lahat ng antas ng paggawa ng mga polisiya at pagpapatupad ukol sa pangangalaga ng samu’t-saring buhay;

Determinado na tuluyang suportahan ang epektibong pagpapatupad ng mga probisyon ng Kasunduan ukol sa “access and benefit-sharing”

Kinikilala na ang isang mapagmalikhaing solusyon ay kinakailangan upang ayusin ang usaping pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng genetikong kayamanan at ang kaakibat nitong katutubong kaalaman lalo na yaong mga sitwasyon na tumatawid sa mga hangganan ng mga bansa at komunidad o sa mga pangyayaring din na maaaring makakuha o magbigay ng pahintulot sa mga pagkuha nito;

Kinikilala ang kahalagahan ng genetikong kayamanan sa seguridad sa pagkain, pampublikong kalusugan, pangangalaga ng samu’t saring buhay at ang “mitigation” at “adaptation” sa pagbabago ng klima;

Kinikilala ang espesyal na katangian ng samu’t saring buhay sa agrikultura, ang kanyang kakaibang kaurian at mga suliranin na nangangailangan ng nararapat at kakaibang solusyon;

Kinikilala ang pagkakaugnay-ugnay ng pagpapakandili ng lahat ng mga bansa ukol sa genetikong kayamanan para sa pagkain at agrikultura at ang kanilang espesyal na katangian at kahalagahan para makamantan ang seguridad sa pagkain ng buong mundo at ang likas-kayang kaunlaran ng agrikultura sa konteksto ng pagpapabawas ng kahirapan at pagbabago ng klima at tinatanggap ang mahalagang papel ng Pandaigdigang Kasunduan para sa mga Tanim na Genetikong Kayamanan para sa Pagkain at Agrikultura at ang Komisyon ng FAO para sa Genetikong Kayamanan para sa Pagkain at Agrikultura;

Inaalala ang International Health Regulations (2005) ng World Health Organization at ang kahalagahan ng pagsiguro sa pagbibigay daan sa pagkuha ng mga “human pathogens” para sa paghahanda sa anumang epidemiko na makakaapekto sa pampublikong kalusugan;

Tinatanggap na may mga kahalintulad sa gawain sa iba’t ibang mga internasyonal na larangan para sa “access and benefit-sharing”. Ibinabalik alaala ang “Multilateral System of Access and Benefit-sharing” na naitayo sa ilalim ng “International Treaty on Plant Genetic Resources for Food and Agriculture” na nagawa upang maging kasabayan ng Kasunduan kinikilalala na ang iba pang mga internasyonal na kasulatan na may kinalalaman sa “access and benefit-sharing” ay kinakailangang maging mapagsuporta upang makamit ang mga mithiin ng Kasunduan;

Binabalik-alala ang kabuluhan ng artikulo 8(j) ng Kasunduan lalo na sa usapin ng mga katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng mga kaalamang ito;

Tinatandaan ang pagkakalapit-relasyon ng genetikong kayamanan at katutubong kaalaman at ang kanilang di mapaghihiwalay na katangian para ka mga katutubo at lokal na komunidad; ang kahalagahan ng katutubong kaalaman para sa pangangalaga ng samu’t saring buhay at ang mapagpanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi, at para sa mapagpanatiling kabuhayan nitong mga komunidad;

Kinikilala ang pagkakaiba at pagkarami ng mga sitwasyon na kung saan ang katutubong kaalaman na kaakibat ng genetikong kayamanan at pinanghahawakan o pag-mamay-ari ng mga katutubo at lokal na komunidad;

Isinasaisip na karapatan ng mga katutubo at lokal na komunidad upang itukoy ang mga karapat-dapat na humawak ng mga karapatan ukol sa kanilang katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan lalo na sa loob ng kanilang pamayanan;

Dagdag pang kinikilala ang mga kakaibang sitwasyon na kung saan ang katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan ay nakikita sa mga bansa, at doon ito ay nasa iba't ibang anyo, nakasulat man o nakapampanalita, pinapakita lang ang mayabong na kayamanang kultural na may kabuluhan para sa pangangalaga at mapagpanatiling paggamit ng samu't-saring buhay.

Tinatandaan ang “United Nations Declaration on the Rights of Indigenous Peoples”, at sinusugan na walang probisyon ng Protocol ang bibigyang kahulugan na ito ay nagbabawas o nagpapaalis ng mga kasalukuyang karapatan ng mga katutubo at lokal na komunidad,

Ay nagkasundo sa pamamagitan ng mga sumusunod:

## Artikulo

### 1

#### LAYUNIN

Ang layunin ng Protocol na ito ay ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng genetikong kayamanan, pati na ang nararapat na pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan at sa nararapat na paglipat ng mga makabuluhang teknolohiya, kasama na sa pagkilala ng lahat ng karapatan sa mga kayamanang ito pati na mga teknolohiya; at sa pamamagitan nga nararapat na pagbibigay ng pondo; ang lahat ng ito ay makakatulong sa pagpapangalaga ng samu't saring buhay at ang mapanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi.

## Artikulo

### 2

#### PAGGAMIT NG MGA KATAGA

Ang mga katagang naitala sa artikulo 2 ng Kasunduan ay gagamitin din ng Protocol na ito. Dagdag pa nito, para sa mga alituntunin ng Protocol:

- (a) “Kumperensya ng mga Partido” ay ang Kumperensya ng mga Partido sa Kasunduan;
- (b) “Kasunduan” ay ang Kasunduan ng Samu’t Saring Buhay
- (c) “Paggamit ng genetikong kayamanan” ay ang paggawa ng pananaliksik at pagbubuo ng mga genetiko at/o “biochemical” na komposisyon ng mga genetikong kayamanan, pati na ang paggamit ng “biotechnology” na nakasaad sa artikulo 2 ng Kasunduan;
- (d) “Biotechnology” na nakasaad sa artikulo 2 ng Kasunduan ay ang paggamit ng teknolohiya na may kasamang mga buhay na bagay, pati na mga organismo o ang kanyang mga “derivatives”, upang gumawa at baguhin ang mga kasalukuyang mga produkto o proseso para sa mga mas natatanging gamit nito;
- (e) “Derivative” ay isang natural na biokemikal “compound” mula sa proseso ng “metabolism” o “genetic expression” ng mga buhay na bagay o genetikong kayamanan, kahit na ito ay walang nilalamang mga gumaganang bahagi ng “heredity”.

## Artikulo

### 3

#### SAKLAW

Ang Protocol na ito ay saklaw ang mga genetikong kayamanan na nasasaklaw ng artikulo 15 ng Kasunduan at ang mga benepisyong mula sa paggamit ng ganitong mga kayamanan. Ang Protocol na ito ay saklaw din ang katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan na nasasaklaw ng Kasunduan pati na ang mga benepisyong mula sa paggamit ng nasabing kaalaman.

## Artikulo

### 4

#### PAGKAKAUGNAY SA IBA PANG MGA KASUNDUAN AT KASULATANG INTERNASYONAL

1. Ang mga probisyon ng Protocol na ito ay hindi makakaapekto sa mga karapatan at obligasyon ng anumang Partido mula sa mga kasalukuyang kasunduan internasyonal, maliban na lang kung ang pag-gamit ng nasabing mga karapatan at kasunduan ay magdudulot ng malalang pagkasira o pagbabanta sa samu’t saring buhay. Ang talatang ito ay hindi ibig sabihin na may mas hihigit pa sa Protocol at iba pang mga internasyonal na kasunduan o ang mga internasyonal na kasunduan ay mas hihigit pa sa Protocol.

2. Wala sa Protocol na ito ang makakapigil sa mga Partido upang gumawa at isakatuparan ang iba pang makabuluhang mga internasyonal na kasunduan, pati na

ang mga espesyal na kasunduan sa “access and benefit-sharing”, kailangan lamang na ito ay sumusuporta at hindi taliwas sa mga layunin ng Kasunduan at ng Protocol.

3. Ang Protocol na ito ay isasakatuparan sa paraang ito ay susuporta sa iba pang mga internasyonal na kasunduan na may kabuluhan sa Protocol. Bibigyang pansin din ang mga kapaki-pakinabang at makabuluhang trabaho o gawain sa ilalim ng mga internasyonal na kasulatan at iba pang mga makabuluhang organisasyon, kailangan lamang na ito ay sumusuporta at di taliwas sa mga layunin ng Kasunduan at ng Protocol.

4. Ang Protocol na ito ang kasulatan para sa pagpapatupad ng mga probisyon sa “access and benefit-sharing” ng Kasunduan. Kung may isang espesyal na kasulatan ukol sa “access and benefit-sharing” na sumusubaybay at di taliwas sa mga layunin ng Kasunduan at ng Protocol, ang Protocol na ito ay hindi gagamitin ng mga Partido o mga Partido ng espesyal na kasulatan kung ito ay patungkol sa natatanging genetikong kayamanan at para rin sa mga natatanging layunin ng nasabing kasulatan.

## Artikulo

### 5

#### PANTAY-PANTAY AT KARAMPATANG PAGBABAHAGI NG BENEPISYO

1. Sang-ayon sa nakasulat sa artikulo 15, talata 3 at 7 ng Kasunduan, ang mga benepisyong mula sa paggamit ng genetikong kayamanan at ang mga susunod na paggamit at pagkakalakal nito ay ibabahagi sa paraang pantay-pantay at nararapat sa Partidong nagbigay daan sa paggamit ng kayamanang ito na siyang bansa na pinagmulan ng nasabing kayamanan o ang Partidong nakakuha ng nasabing kayamanan sang-ayon sa probisyon ng Kasunduan. Ang pagbabahaging ito ay naaayon sa kanilang napagkasunduan.

2. Ang bawat isang Partido ay magbabalangkas ng mga batas, administratibong hakbang o polisiya, kung saan nararapat, na ang layunin ay titiyakin na ang mga benepisyong mula sa paggamit ng genetikong kayamanan na hawak ng mga katutubo at lokal na komunidad, sang-ayon sa batas ukol sa mga nakilalang mga karapatan ng mga katutubo at lokal na komunidad sa mga kayamanang ito, at naibahagi ng pantay-pantay at karampatang paraan sa mga komunidad na ito, na ayon na rin sa anumang napagkasunduan sa mga ito.

3. Upang ipatupad ang artikulo 1 sa itaas, ang bawat Partido ay magbabalangkas ng mga batas, administratibong hakbang o polisiya, kung saan nararapat.

4. Ang mga benepisyo ay maaring pinansyal o di-pinansyal, kasama na at hindi lang ang mga nakasulat sa “Annex” ng Protocol na ito.

5. Ang bawat Partido ay magbabalangkas ng mga batas, administratibong hakbang o polisiya, kung saan nararapat, upang ang mga benepisyong mula sa paggamit ng katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan ay naibahagi ng pantay-pantay at sa karampatang paraan sa mga komunidad na ito, na ayon na rin sa anumang napagkasunduan ng mga ito.

# Artikulo

## 6

### PAGBIBIGAY-DAAN SA PAGKUHA NG GENETIKONG KAYAMANAN

1. Sa paggamit ng kanyang soberanyang karapatan sa kanyang angking-kalikasan, at batay na rin sa anumang batas o regulasyon sa “access and benefit-sharing”, ang pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan para sa kanilang paggamit ay nangangailangan muna ng pahintulot ng Partidong nagpapagamit sa nasabing mga kayamanan o ang Partidong nakakuha ng nasabing kayamanan sang-ayon sa probisyon ng Kasunduan, maliban na lamang sa naiibang kapasyahan ng nasabing Partido.

2. Sang-ayon sa nakasaad sa kanyang batas, ang isang Partido ay gagawa ng mga hakbang, sa paraang nararapat, na ang layunin ay tiyakin na ang pagpahintulot o pagpayag ng mga katutubo at lokal na komunidad ay nakuha bago magbigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan kung saan sila ay may mga nakilalang mga karapatan upang magbigay-daan sa pagkuha ng ganitong mga kayamanan.

3. Sang-ayon sa nakasaad sa unang talata ng probisyong ito, ang isang Partido na magbibigay ng pahintulot ay magbabalangkas ng mga batas, administratibong hakbang o polisiya, kung saan nararapat, upang :

- (a) Magbigay ng katiyakang legal, kalinawan at “transparency” ang anumang mga kinakailangang tuparin upang masunod ang kanyang batas o regulasyon ukol sa “access and benefit-sharing”;
- (b) Magbigay ng pantay-pantay at hinding di-makatwirang patakaran o proseso sa pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan;
- (c) Magbigay ng impormasyon kung papaano kumuha ng pahintulot;
- (d) Magbigay ng malinaw at “transparent” na desisyong nakasulat na ginawa ng isang “competent national authority”, sa di magastos na paraan at sa loob ng risonableng haba ng panahon;
- (e) Magbigay, sa panahon ng pagbibigay-daan ng pagkuha, ng isang “permit” o anumang kahalintulad nito, na siyang patunay ng desisyon ng pagbigay ng pahintulot at pagbuo ng mga napakagkasunduan, at bigyang-alam ang “Access and Benefit-sharing Clearing-House” sa tamang panahon;
- (f) Kung kinakailangan ng sitwasyon, at sang-ayon sa nakasaad sa batas ukol dito, maglatag ng pamantayan at/o proseso sa pagkuha ng pahintulot at pagpayag ng mga katutubo at lokal na komunidad para sa pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan;

- (g) Maglagay ng malinaw na patakaran at proseso sa pag-require at pagbuo ng napagkasunduan. Ang mga kondisyon nito ay kinakailangang nakasulat at maaring isama ang mga sumusunod, “inter-alia”;
- (i) sugnay (clause) para sa pag-aayos kung may di pagkakaunawaan;
  - (ii) kondisyon para sa pagbabahagi ng benepisyo, kasama na ang mga bagay na patungkol sa “intellectual property rights”;
  - (iii) kondisyon para sa mga sumusunod na gagamit, kung meron man; at,
  - (iv) kondisyon sa mga pagbabago ng mga tukuyin, kung kinakailangan.

## Artikulo

### 7

#### PAGBIBIGAY-DAAN SA PAGKUHA NG KATUTUBONG KAALAMAN KAAKIBAT NG GENETIKONG KAYAMANAN

Sang-ayon sa kanyang batas, ang isang Partido ay gagawa ng mga paraang nararapat na may layuning tiyakin na ang katutubong kaalaman na kaakibat ng genetikong kayamanan na hawak ng mga katutubo at local na komunidad at bibigyang-daan ang pagkuha nito na may kasamang pahintulot at pagpayag ng nasabing mga komunidad at nabuo ang anumang mga napagkasunduan ukol dito.

## Artikulo

### 8

#### MGA ESPESYAL NA MGA PAGSASAALANG-ALANG

Sa pagbuo at pagsakatuparan ng kanyang batas sa “access and benefit-sharing” o anumang regulasyon ukol dito, ang bawat Partido ay:

- (a) gagawa ng mga paraan upang itaguyod ang mga pananaliksik na nakakatulong sa pangangalaga at pagpapanatili ng paggamit ng samu’t saring buhay, lalo na sa mga mahihirap na bansa, kasama na ang paggawa ng mga simpleng paraan sa pagbibigay-daan sa pagkuha para sa mga “non-commercial” na pananaliksik, kailangan lamang na isama ang pagbabago ng tuntunin ng nasabing pananaliksik;
- (b) bigyang atensyon ang mga kaso ng kasalukuyan o kagyat na mga “emergencies” na posibleng makasira sa kalusugan ng mga tao, hayop o

pananim, kung ito man ay tinukoy sa usaping nasyonal o internasyonal. Ang mga Partido ay isasaalang-alang ang kinakailangang mabilisan na pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan at mabilisang pagbabahagi ng pantay-pantay at karampatang benepisyo mula sa paggamit ng nasabing kayamanan, kasama na rin ang pagbibigay-daan sa pagkuha ng abot-kayang gamot o atensyong “medical” ng mga nangangailangan nito, lalo na yaong nasa mahihirap na bansa;

- (c) Isaalang-alang ang kahalagahan ng genetikong kayamanan para sa pagkain at agrikultura at ang kanilang natatanging papel para sa seguridad sa pagkain.

## Artikulo

### 9

#### PAGTULONG SA PANGANGALAGA AT PAGPAPANATILING PAGGAMIT

Ang mga Partido ay hihimukin ang mga gumagamit at mga nagbibigay upang ang mga benepisyong mula sa paggamit ng genetikong kayamanan ay dadalhin para sa pangangalaga ng samu't saring buhay at mapagpanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi.

## Artikulo

### 10

#### PANDAIGDIGANG MEKANISMO PARA SA MULTILATERAL NA PAGBABAHAGI NG BENEPISYO

Ang mga Partido ay isasaalang-alang kung may kinakailangan ba at ang mga “modalities” ng isang pandaigdigang mekanismo para sa “multilateral” na pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng genetikong kayamanan at katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan na nangyayari sa sitwasyong tumatawid sa mga hangganan ng mga bansa at komunidad o yaong mga sitwasyon na di maaring makapagbigay o kumuha ng pahintulot. Ang mga benepisyong ibinahagi ng mga gumagamit ng genetikong kayamanan at katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan sa pamamagitan nito ay gagamitin upang suportahan ang mga gawaing pangangalaga ng samu't saring buhay at mapagpanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi sa buong mundo.



# Artikulo

## 11

### PAKIKIPAGTUTULUNGAN SA MGA SITWASYONG TUMATAWID SA MGA HANGGANAN NG MGA BANSANG AT KOMUNIDAD

1. Sa mga pagkakataong ang magkakaparehong genetikong kayamanan ay makikita “*in situ*” sa loob ng hangganan ng higit isa pang Partido, ang mga Partidong ito ay magsisikap na makikipagtulungan, sa kung saan nararapat, kasama ang mga katutubo at lokal na komunidad na may kinalaman dito, at kung kinakailangan, at ang tutukuyin nito ay upang isakatuparan ang Protocol.
2. Kung saan ang kaparehong katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan ay makikita at ginagamit ng isa o marami pang mga katutubo at lokal na komunidad sa maraming mga Partido, ang mga Partidong ito ay makikipagtulungan sa isa’t-isa, kung saan nararapat, kasama ang mga katutubo at lokal na komunidad na may kinalaman dito, at ang tutukuyin nito ay upang isakatuparan ang layunin ng Protocol.

# Artikulo

## 12

### KATUTUBONG KAALAMAN KAAKIBAT NG GENETIKONG KAYAMANAN

1. Sa pagsasakatuparan ng kanilang mga obligasyon mula sa Protocol na ito, ang mga Partido ay, sang-ayon sa kanilang mga batas, ay isasaalang-alang ang mga “customary law”, “community protocol” at proseso, kung kinakailangan, patungkol sa katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan.
2. Ang mga Partido, kasama ang epektibong partisipasyon ng mga katutubo at lokal na komunidad na may kinalaman dito, ay magtatayo ng mga mekanismo upang ipaalam sa mga nagbabalak gumamit ng katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan ukol sa kanilang mga obligasyon, kasama na ang mga hakbangin maaring makita ng lahat sa pamamagitan ng “Access and Benefit-sharing Clearing-House” para sa pagbibigay-daan sa pagkuha at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng nasabing kaalaman.
3. Ang mga Partido ay magsisikap na susuporta, sa nararapat na paraan, sa pagbuo ng mga katutubo at lokal na komunidad, kasama ang mga kababaihan na nakapaloob sa ganitong mga komunidad ng :
  - (a) “Community protocol” patungkol sa pagbibigay-daan sa pagkuha ng katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan at ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng nasabing kaalaman;
  - (b) “Minimum requirements” para sa mga napagkasunduan upang makuha ang pantay-pantay at karampatang pagbabahagi ng

benepisyo mula sa paggamit ng nasabing katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan;

- (c) Modelong sugnay ng mga kontrata para sa pagbabahagi ng benepisyo mula sa paggamit ng katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan.
4. Ang mga Partido, sa kanilang pagpapatupad ng Protocol, ay, sa kung hanggang saan maaari, hindi pipigilan ang “customary use” at palitan ng genetikong kayamanan at ang kaakibat nitong katutubong kaalaman sa loob at pati na sa mga katutubo at lokal na komunidad, sang-ayon sa mga layunin ng Kasunduan.

## Artikulo

### 13

#### NATIONAL FOCAL POINTS AT COMPETENT NATIONAL AUTHORITIES

1. Ang bawat Partido ay magtatalaga ng isang “national focal point” para sa “access and benefit-sharing”. Ang national focal point na ito ay magbibigay ng mga impormasyon tulad ng mga sumusunod:
- (a) Sa mga aplikanteng gustong makamit ang pagbibigay-daan sa pagkuha ng genetikong kayamanan, impormasyon tungkol sa mga proseso ng pagkuha ng pahintulot at pagbuo ng mga napagkasunduan, kasama na ang pagbabahagi ng benepisyo;
  - (b) Sa mga aplikanteng gustong makamit ang pagbibigay-daan sa pagkuha ng katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan, impormasyon tungkol sa mga proseso ng pagkuha ng pahintulot at pagpayat, kung saan nararapat, ng mga katutubo at lokal na komunidad, at ang pagbuo ng mga napagkasunduan, kasama na ang pagbabahagi ng benepisyo; at
  - (c) Impormasyon patungkol sa mga “competent national authority”, mga katutubo at lokal na komunidad at mga “stakeholders” na may kabuluhan sa usaping ito;

Ang “national focal point” ang nakatakdang makikipag-ugnayan sa “Secretariat”.

2. Ang bawat isang Partido ay magtatalaga ng isa o marami pang “competent national authority” para sa “access and benefit-sharing”. Ang mga “competent national authority” na ito, ay, sang-ayon sa anumang mga tumatayong pambansang batas, administratibong hakbang o polisiya, at siyang naatasan para sa pagpayag sa pagbibigay-daan sa pagkuha, o, kung kinakailangan, magbigay ng nakasulat na patunay na ang mga kailangan ng pagbibigay-daan ng pagkuha at nagawa, at siya rin ay naatasang magbigay ng payo sa anumang mga kinakailangang mga proseso at kailangang dokumento sa pagkuha ng pahintulot at pagpasok sa mga napagkasunduan.

3. Ang Partido ay maaaring magtalaga ng iisang opisina upang tuparin ang mga tungkulin ng “focal point” at “national competent authority”.
4. Ang bawat isang Partido ay, di lalampas sa petsa ng pagiging epektibong “legal” nitong Protocol para sa kanya, at magbibigay ng paalam o impormasyon sa “Secretariat” ng mga kaukulang impormasyon ng kanyang “national focal point” at “competent national authority”. Kung ang isang Partido ay nagtalaga ng maraming “competent national authorities”, ito ay kanya ring ipapaalam sa Secretariat, kasama ang anumang “notification” sa mga ito, mga makabuluhang impormasyon sa mga responsibilidad ng nasabing mga “competent national authorities”. Kung kinakailangan, ang yaong impormasyon, sa pinaka-minimum, ay isasaad kung sinong “comptent authority” ang naatasang mamahala sa kung anong uri genetikong kayamanan ang kukunin. Ang bawat isang Partido ay kagyat na ipapaalam sa “Secretariat” kung anumang pagbabago sa kanyang pagtalaga ng mga “national focal point” or mga impormasyon o tungkulin ng kanyang mga “competent national authorities”.
5. Ang “Secretariat” ay ilalahad ang mga impormasyon nakasaad sa talata 4 sa itaas sa pamamagitan ng “Access and Benefit-sharing Clearing-House”.

## Artikulo

### 14

#### ANG ACCESS AND BENEFIT-SHARING CLEARING-HOUSE AT PAGBABAHAGI NG IMPORMASYON

1. Ang isang “Access and Benefit-sharing Clearing-House” ay binubuo bilang bahagi ng isang “clearing-house mechanism” sa ilalim ng Artikulo 18, talata 3, ng Kasunduan. Ito ay magsisilbing tagapag-bahagi ng impormasyon na may kinalaman sa “access and benefit-sharing”. Ito rin ay magbibigay ng impormasyon na inilagak dito ng bawat Partido na may kinalaman sa pagpapatupad ng Protocol.
2. Sa paraang di makakaapekto sa pagprotekto sa mga impormasyong “confidential”, ang bawat Partido ay ililagak sa “Access and Benefit-sharing Clearing-House” ang anumang impormasyon na kinakailangan ng Protocol, kasama na ang mga iba pang impormasyon na siyang kinakailangan na tumatalima sa mga desisyon ng “Conference of the Parties” na siya ring pagpupulong ng mga Partido sa Protocol. Ang mga impormasyong kailangang isama ay ang mga sumusunod:
  - (a) Mga hakbanging legislatibo, administratibo at pang-polisiya na may kinalaman sa “access and benefit-sharing”;
  - (b) Impormasyon ukol sa “national focal point” o ang/mga “competent national authorities”;
  - (c) Mga “permit” o mga kahalintulad nito sa ibinigay sa panahon ng pagbibigay-daan sa pagkuha bilang patunay ng desisyon ng pagbigay ng pahintulot at ang pagbuo ng napagkasunduan.
3. Ang mga dagdag na impormasyon, kung mayroon at kung na a-angkop, ay

maari rin ilagay ay ang mag sumusunod:

- (a) mga makabuluhang awtoridad ng mga katutubo at lokal na komunidad at impormasyon ukol dito, kung ano man ang kanilang mga desisyon;
  - (b) modelong sugnay ng mga kontrata sa “access and benefit-sharing”;
  - (c) mga pamamaraan at kagamitan na ginawa upang ma-monitor ang genetikong kayamanan; at,
  - (d) mga “code of conduct” at mga pinakamahusay na kasanayan.
4. Ang mga modaliti ng operasyon ng “Access and Benefit-sharing Clearing-House”, pati na mga paguulat sa kanyang mga gawain, at pag-aaralan at pagdi-desisyunan ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol, sa kanyang unang pagpupulong, at patuloy na susuriin sa mga sumusunod na panahon.

## Artikulo

### 15

#### PAGTALIMA SA MGA BATAS O REGULASYON SA ACCESS AND BENEFIT-SHARING

1. Ang bawat isang Partido ay gagawa ng nararapat, epektibo at kabagay na mga hakbanging legislatibo, administratibo at polisiya upang ang mga genetikong kayamanan na ginamit sa loob ng kanyang teritoryo at binigyang-daan sa pagkuha na naaayon sa pahintulot nito at sa anumang napagkasunduan, kung siyang kinakailangang gawin ayon sa batas o regulasyon ukol sa “access and benefit-sharing” ng ibang Partido.
2. Ang mga Partido ay maglalagay ng nararapat, epektibo at kabagay na mga hakbangin upang harapin ang mga kaso ng di-pagsunod sa mga hakbangin na nakasaad sa talata 1 sa itaas nito.
3. Ang mga Partido ay, kung hanggang saan kakayanin at kung nararapat, makikipagtulungan sa mga kaso ng diumanoy paglabag sa mga batas o regulasyon sa “access and benefit-sharing” na nakasaad sa talata 1 sa itaas nito.

## Artikulo

PAGTALIMA SA MGA BATAS O REGULASYON SA ACCESS  
AND BENEFIT-SHARING PARA SA KATUTUBONG  
KAALAMAN KAAKIBAT NG GENETIKONG KAYAMANAN

1. Ang bawat isang Partido ay gagawa ng nararapat, epektibo at kabagay na mga hakbanging legislatibo, administratibo at polisiya upang ang mga katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan na ginamit sa loob ng kanyang teritoryo at binigyang-daan sa pagkuha na naaayon sa pahintulot at pagpayag ng mga katutubo at lokal na komunidad at ang anumang napagkasunduan ay nabuo, kung siyang kinakailangang gawin ayon sa batas o regulasyon ukol sa “access and benefit-sharing” ng ibang Partido, kung saan ang mga katutubo at lokal na komunidad na ito ay nakatira.
2. Ang bawat isang Partido ay maglalagay ng nararapat, epektibo at kabagay na mga hakbangin upang harapin ang mga kaso ng di-pagsunod sa mga hakbangin na nakasaad sa talata 1 sa itaas nito.
3. Ang mga Partido ay, kung hanggang saan kakayanin at kung nararapat, makikipagtulungan sa mga kaso ng diumanoy paglabag sa mga batas o regulasyon sa “access and benefit-sharing” na nakasaad sa talata 1 sa itaas nito.

## Artikulo

PAGSUBAYBAY O PAGMOMONITOR SA PAGGAMIT NG  
GENETIKONG KAYAMANAN

1. Upang suportahan ang pagtalima, bawat Partido ay gagawa ng mga hakbang, sa nararapat, upang i-monitor o subaybayan at pataasin ang lebel ng “transparency” sa paggamit ng genetikong kayamanan. Ang mga hakbang na ito ay ang mga sumusunod :
  - (a) Pagtalaga ng isa o higit pa sa isang “checkpoint”, sa paraang:
    - (i) ang mga naitalagang “checkpoint” ay mangungulekta o tatanggap ng impormasyon, sa nararapat, ukol sa pahintulot, sa pinanggalingan ng genetikong kayamanan, at ang pagbuo ng mga napagkasunduan, at/o paggamit ng genetikong kayamanan, kung nararapat;
    - (ii) ang bawat Partido ay, sa nararapat at depende sa taglay na katangian ng natalagang “checkpoint”, ipapagawa sa mga gumagamit ng genetikong kayamanan upang ibigay ang impormasyon na nakasaad sa itaas na talata sa mga nakatalagang “checkpoint”. Ang bawat Partido ay gagawa ng nararapat, epektibo at kabagay na hakbangin upang harapin ang mga kaso ng di-pagtalima;

(iii) ang nasabing impormasyon, kasama na yaong mula sa “internationally recognized certificate of compliance”, kung siya ay naririyang na, at, sa paraang di makaapekto sa pagprotekta sa impormasyong hindi nararapat na ipaalam sa publiko, ay ibibigay sa mga makabuluhang awtoridad, sa Partidong nagbibigay ng pahintulot at sa “Access and Benefit-sharing Clearing-House”, kung nararapat;

(iv) ang mga “checkpoint” ay kinakailangang maging epektibo at may mga tungkulin na may kinalaman sa pagpapatupad sa talata (a). Kailangan din na ito ay may kabuluhan sa paggamit ng genetikong kayamanan, o pagkolekta ng impormasyon at, sa iba pa, sa anumang larangan ng pananaliksik, pag-papaunlad, pagbabago, “pre-commercialization” o “commercialization”.

(b) Paghimok sa mga gumagamit at bumibigay ng genetikong kayamanan na isama sa mga probisyon ng mga napagkasunduan na magbabahagi ng impormasyon sa pagpapatupad ng kanyang mga kondisyon, kasama na ang anumang kinakailangang pag-uulat sa mga ito; at,

(c) Paghimok sa paggamit ng di magastos at mabisang paraan at sistema sa komunikasyon.

2. Ang isang permit o ang kahalintulad nito na naipalabas na sang-ayon sa artikulo 6, talata 3(e) at nailagak sa “Access and Benefit-sharing Clearing-House”, ay siya nang isasaalang-alang na isang “internationally recognized certificate of compliance”;

3. Ang isang “internationally recognized certificate of compliance” ay magsisilbing isang patunay na ang genetikong kayamanan na kanyang sinasaad ay pinagbigyang-daan sa pagkuha na sang-ayon sa pahintulot at ang napagkasunduan ukol dito ay nabuo, kung ano man ang siyang kinakailangan ayon sa batas o regulasyon sa “access and benefit-sharing” ng Partidong nagbibigay ng pahintulot.

4. Ang isang “internationally recognized certificate of compliance” ay magkakaroon ng sumusunod na impormasyon na minimum, kung ito ay hindi “confidential” :

(a) awtoridad na nagpalabas sa kanya;

(b) petsa ng pagpapalabas;

(c) ang nagbibigay

(d) unique identifier ng certificate;

(e) ang tao o organisasyon na kung saan ang pahintulot ay ibinigay;

(f) uri ng genetikong kayamanan na nakapaloob sa certificate;

(g) pagkumpirma na nabuo na ang napagkasunduan;

(h) pagkumpirma na ang pahintulot ay nakuha na; at

(i) commercial at/o non-commercial na paggamit.

# Article

## 18

### PAGTALIMA SA MGA NAPAGKASUNDUAN

1. Sa pagpapatupad ng artikulo 6, talata 3(g)(i) at artikulo 7, ang bawat Partido ay hihimukin ang mga nagbibigay at gumagamit ng genetikong kayamanan at/o katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan to maglagay ng mga probisyon sa mga napagkasunduan, kung saan nararapat, pagsasaayos ng di-pagkakaunawaan, kasama na ang:
  - (a) “Jurisdiction” kung saan dadalhin ang proseso ng pag-aayos ng di-pagkakaunawaan;
  - (b) Ang batas na nararapat gamitin; at/o
  - (c) Iba’t-ibang pagpipilian para sa alternatibong pag-aayos ng di-pagkakaunawaan, tulad ng “mediation” o “arbitration”.
  
2. Ang bawat Partido ay titiyakin na magbibigay ng pagkakataon upang makadulog sa kanilang sistemang legal, na sang-ayon sa kanilang mga pangangailangang “jurisdiction”, lalo na sa mga kaso ng di-pagkakaunawaan mula sa napagkasunduan.
  
3. Ang bawat Partido ay gagawa ng epektibong mga hakbang, kung saan nararapat, patungkol sa:
  - (a) Pagbibigay-daan sa pagkuha ng hustisya; at,
  - (b) Paggamit ng mga mekanismo sa pagkilala at pagpapasunod sa mga dayuhang desisyon at “arbitral awards”.
  
4. Ang pagiging epektibo ng artikulong ito ay susuriing muli ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol sang-ayon sa artikulo 31 ng Protocol.

# Artikulo

## MODELONG SUGNAY NG MGA KONTRATA

1. Ang bawat Partido ay hihimukin, sa nararapat, ang pagbuo, pagbabago at paggamit ng modelong sugnay ng mga kontrata gamit ng iba't ibang sektor, at yaong gamit ng maraming sektor, para sa mga napagkasunduan.
2. Ang “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol ay parating titingnan ang paggamit ng mga modelong sugnayang mga kontrata gamit ng iba't ibang sektor, at yaong gamit ng maraming sektor.

## Artikulo

## 20

CODE NG PAG-UUGALI, MGA ALITUNTUNIN, MGA  
PINAKAMAHUSAY NA KASANAYAN AT/O MGA  
PAMANTAYAN

1. Ang bawat Partido ay hihimukin, sa nararapat, ang pagbuo, pagbabago at paggamit ng mga boluntaryong code ng pag-uugali, mga alituntunin, mga pinakamahusay na kasanayan at/o mga pamantayan para sa “access and benefit-sharing”.
2. Ang “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol ay parating titingnan ang paggamit ng mga boluntaryong code ng pag-uugali, mga alituntunin, mga pinakamahusay na kasanayan at/o mga pamantayan at isasaalang-alang ang paggamit ng mas natatanging mga code ng pag-uugali, mga alituntunin, mga pinakamahusay na kasanayan at/o mga pamantayan.

## Article

## 21

## PAGPAPATAAS NG KAMALAYAN

Ang bawat Partido ay gagawa ng mga hakbang upang itaas ang kamalayan sa kahalagahan ng mga genetikong kayamanan at katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan at iba pang mga usapin sa “access and benefit-sharing”. Ang mga hakbanging ito ay maaring ang mga sumusunod, at iba pa:

- (a) Pagtataguyod ng Protocol at ang kanyang layunin;
- (b) Pag-oorganisa ng mga pagtitipon ng mga katutubo at lokal na komunidad at iba pang mga makabuluhang mga “stakeholders”;
- (c) Pag-tatagat at pagpapanatili ng isang “help desk” para sa mga katutubo at lokal na komunidad at iba pang mga makabuluhang mga “stakeholders”;
- (d) Pagpapakalat ng impormasyon sa pamamagitan ng “national clearing-house”;
- (e) Pagtataguyod ng mga boluntaryong code ng pag-uugali, mga alituntunin,



- mga pinakamahasay na kasanayan at/o mga pamantayan habang kinokunsulta ang mga katutubo at lokal na komunidad;
- (f) Pagtataguyod ng, sa nararapat, ng pambansa, pang-rehiyon at pang-internasyonal na palitan ng mga karanasan;
  - (g) Edukasyon at pagsasanay ng mga gumagamit at nagbibigay ng genetikong kayamanan at/o katutubong kaalaman kaakibat ng genetikong kayamanan ukol sa kanilang mga obligasyon sa “access and benefit-sharing”;
  - (h) Pag-uugnay sa mga katutubo at lokal na komunidad at iba pang mga makabuluhang “stakeholder” sa pagpapatupad ng Protocol; at
  - (i) Pagpapataas ng kamalayan sa mga “community protocol” at proseso ng mga katutubo at lokal na komunidad.

## Artikulo

### 22

### KAPASIDAD

1. Ang mga Partido ay magtutulungan sa pagbubuo at pagpapaunlad ng kapasidad, at pagpapalakas ng “human resources” at mga kakayahan ng mga institusyon upang mas mabuting maipatupad ang Protocol na ito sa mga mahihirap na bansa, lalung lalo na ang mga “least developed countries” at ang “small island developing States”, at mga Partidong may “economy in transition” sa pamamagitan ng mga tumatayong mga pang-daigdigang, “regional”, “subregional” at mga nasyonal na mga institusyon at organisasyon. Sa ganitong konteksto, ang mga Partido ay tutulungan ang pagsali ng mga katutubo at lokal na komunidad, at mga makabuluhang “stakeholders”, pati na ang mga NGOs at pribadong sektor.
2. Ang mga pangangailangan ng mga mahihirap na bansa, lalung lalo na ang mga “least developed countries” at ang “small island developing States”, at mga Partidong may “economy in transition sa financial resources” sang-ayon sa mga makabuluhang probisyon ng Kasunduan ay isasama sa mga aktibad ng pagbubuo ng kapasidad upang isakatuparan ang Protocol na ito.
3. Upang maging batayan para sa mga nararapat na mga hakbangin na may kinalaman sa pagsasakatuparang ng Protocol na ito ang mga mahihirap na bansa, lalung lalo na ang mga “least developed countries” at ang “small island developing States”, at mga Partidong may economy in transition ay tutukuyin ang kanilang mga pambansang pangangailangan sa kapasidad sa pamamagitan ng “national capacity self-assessments”. Sa paggawa nila ng mga ito, ang mga Partidong nasabi ay susuportahan ang mga pangangailangang kapasidad at prioridad ng mga katutubo at lokal na komunidad at mga makabuluhang “stakeholder”, na kanilang natukoy, bibigyang tutok ang mga pangangailangang kapasidad at mga prioridad ng mga kababaihan.
4. Bilang pagsuporta sa pagsasakatuparan nitong Protocol, ang pagbubuo at pagpapaunlad ng kapasidad ay maaaring harapin, at iba pa, ang mga sumusunod na mga topiko:
  - (a) Kapasidad upang ipatupad at magtalima sa mga obligasyon ng Protocol;

- (b) Kapasidad upang makipagnegosasyon sa mga napagkasunduan;
- (c) Kapasidad sa pagbuo, pagpapatupad at pagpapasunod ng mga hakbanging batas, administratibo o polisiya sa “access and benefit-sharing”; at,
- (d) Kapasidad ng mga bansa upang paunlarin ang kanilang mga panloob na kakayahan pananaliksik upang dagdagan ang halaga ng kanilang genetikong kayamanan.

5. Ang mga hakbanging naayon sa talata 1 hanggang 4 sa itaas ay maaaring ang mga sumusunod, at iba pa:

- (a) Pagpapaunlad legal at ang kaakibat na mga institusyon;
- (b) Pagtataguyod ng karampatan at pagkakapantay-pantay sa negosasyon, tulad ng pagsasanay sa pakikipagnegosasyon sa mga napagkasunduan;
- (c) Ang pag-monitor at pagpapasunod ng pagtalima;
- (d) Paggamit ng pinakamahusay na mga kagamitang pang-komunikasyon at mga sistemang pang-internet para sa mga aktibidad para sa “access and benefit-sharing”;
- (e) Pagpapaunlad at paggamit ng mga pamamaraan sa “valuation”;
- (f) “Bioprospecting” at mga kaakibat na mga pananaliksik at “taxonomic studies”;
- (g) Paglilipat ng teknolohiya at mga kapasidad imprastraktura at teknikal na kapasidad upang gawing pangmatagalan ang naturang paglilipat ng teknolohiya;
- (h) Pagpapataas ng kontribusyon ng mga aktibidad sa “access and benefit-sharing” para sa pangangalaga ng samu’t saring buhay at mapagpanatiling paggamit ng kanyang mga bahagi;
- (i) Espesyal na mga hakbangin upang paataasin ang mga kapasidad ng mga makabuluhang “stakeholders” na may kinalaman sa “access and benefit-sharing”;
- (j) Espesyal na mga hakbangin upang pataasin ang mga kapasidad ng mga katutubo at lokal na komunidad na bibigyang tutok ang pagpapataas ng kapasidad ng mga kababaihan sa loob ng mga komunidad na ito na may kinalaman sa “access and benefit-sharing” ng genetikong kayamanan at/o katutubong kaalaman kaakibat ang genetikong kayamanan.

6. Impormasyon sa mga inisyatiba sa pagbubuo at pagpapaunlad ng kapasidad na nasyonal, rehiyonal at internasyonal na larangan na gagawin sang-ayon sa talata 1 hanggang 5 sa itaas ay ilalagak sa “Access and Benefit-Sharing Clearing-house” na may layuning itaguyod ang “synergy” at koordinasyon sa mga gawaing ito.

# Article

## 23

### PAGLILIPAT-TEKNOLOHIYA, PAKIKIPAG-SABWATAN, AT PAGTUTULUNGAN

Sang-ayon sa mga artikulo 15, 16, 18 at 19 ng Kasunduan, ang mga Partido ay magtutulongan sa mga programang teknikal at syentipikong pananaliksik at pagpapaunlad, lalo na ang mga pananaliksik sa “biotechnology”, upang makamit ang layuning nito Protocol. Ang mga Partido ay magsisikap upang himukin ang pagbibigay-daan sa pagkuha na teknolohiya sa mga mahihirap na bansa, lalo na ang mga “least developed countries” at “small island developing States” at mga Partido na may “economies in transition”, upang mapaunlad at mapalakas ang isang malakas na base sa teknolohiya at siyensya upang makamit ang mga layuning ng Kasunduan at ng Protocol. Kung maaari at nararapat, ang mga pakikipagtulungan sa teknolohiya at gagawin sa lugar ng Partido at kasama ang Partido o ang Partidong nagbigay ng genetikong kayamanan na siya rin bansa or bansa na pinagmulan nito o ang mga Partido na syang nakakuha ng nasabing kayamanan sang-ayon sa probisyon ng Kasunduan.

# Article

## 24

### MGA HINDI PARTIDO

Ang mga Partido ay hihimukin ang mga hindi Partido upang sumunod sa Protocol na ito at tumulong magbigay ng impormasyon sa “Access and Benefit-sharing Clearing-House”.

# Article

## 25

### FINANCIAL MECHANISM AT KAHALINTULAD NA RESOURCES

1. Sa pagsa-alang-alang ng mga pinansyal upang maipatupad itong Protocol, ang mga Partido ay titingnan ang probisyon ng artikulo 20 ng Kasunduan.
2. Ang pamamaraang pananalapi (financial mechanism) ng “Convention” ay siya rin pamamaraan sa pananalapi ng Protocol.
3. Sa usapin ng pagpapalakas at pagbubuo ng kapasidad na siyang nakasulat sa artikulo 22 ng Protocol, ang “Conference of the Parties” sa siya rin pagpupulong ng Partido ng Protocol, na siyang magbibigay ng mga patnubay sa pamamaraang pananalapi na siyang nasa artikulo 2 sa itaas, ay titingnan ang mga pangangailangan ng mga mahihirap na bansa, lalo na ang mga “least developed countries” at “small island developing States” at mga Partido na may economies in transition, sa pinansyal na “resources” at mga pang-kapasidad na pangangailangan at mga pangunahing kailangan ng mga katutubo at lokal na komunidad, kasama na ang mga kababaihan sa mga nasabing mga komunidad.
4. Sa konteksto ng talata 1 sa itaas, ang mga Partido ay titingnan din ang mga pangangailangan ng mga mahihirap na bansa, lalo na ang mga “least developed countries” at “small island developing States” at mga Partido na may “economies in transition”, sa kanilang mga Gawain upang tukuyin at ipatupad

ang kanilang mga pagpapalakas at pagbubuo ng kapasidad para sa pagpapatupad nitong Protocol.

5. Ang patnubay sa pamamaraan ng pananalapi ng Kasunduan sa mga makabuluhang desisyon ng “Conference of the Parties”, kasama na yaong mga napagkasunduan bago sang-ayunan ang Protocol, ay gagamitin, “mutatis mutandis”, sa mga probisyon nitong Artikulo.
6. Ang mga mayayamang bansa ay maari ring magbigay, at ang mga mahihirap na bansa at mga Partidong may “economies in transition” ay maaari ring kumuha ng mga pinansyal at iba pang mga “resources” para sa pagpapatupad ng mga probisyon ng Protocol sa pamamagitan ng paraang bilateral, rehiyonal at “multilateral”.

## Artikulo

### 26

#### CONFERENCE OF THE PARTIES NA SIYA RING PAGPUPULONG NG MGA PARTIDO SA PROTOCOL NA ITO

1. Ang “Conference of the Parties” ay siyang magsisilbing pagpupulong ng mga Partido sa Protocol na ito.
2. Ang mga Partido ng Kasunduan na hindi Partido sa Protocol na ito ay maaaring sumali bilang “observer” sa anumang mga Pagpupulong ng “Conference of the Parties” na siyang magsisilbing pagpupulong ng mga Partido sa Protocol na ito. Kung ang “Conference of the Parties” ay syang magsisilbing pagpupulong ng mga Partido sa Protocol, ang mga desisyon sa ilalim ng Protocol ay gagawin lamang ng mga Partido sa Protocol.
3. Kung ang “Conference of the Parties” na siya ring pagpupulong ng mga Partido sa Protocol, anumang miyembro ng “Bureau ng Conference of the Parties” na siyang kumakatawan sa Partido ng Kasunduan, at sa panahong iyon ay hindi sya Partido ng Protocol, siya ay hahalinhinan ng isang miyembro na siyang pinili sa mga Partido ng Protocol.
4. Ang “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Parties sa Protocol na ito ay palaging susuriin ang pagpapatupad ng Protocol at gagawa ng mga, sang-ayon sa kanyang kakayahan, desisyon na kinakailangan upang itaguyod ang kanyang epektibong pagpapatupad. Ito ay gagawa ng mga tungkulin na siyang inilaan ng Protocol at ito ay:
  - (a) Gagawa ng mga rekomendasyon sa anumang bagay na kinakailangan para sa pagpapatupad ng Protocol;
  - (b) Magtatayo ng mga “subsidiary bodies” na kinakailangan upang mapatupad itong Protocol;
  - (c) Hahanapin at gagamitin, kung nararapat, ang mga serbisyo at pakikipagtulungan ng, at mga impormasyong ibibigay ng anumang

may alam na internasyonal organisasyon at mga “intergovernmental at non-governmental bodies”;

- (d) Itatakda ang porma at panahon ng pagpapasa ng mga impormasyon na kailangan sa ilalim ng artikulo 29 ng Protocol at isasaalang-alang ang naturang mga impormasyon pati na ang mga paguulat na ibibigay ng anumang “subsidiary body”;
  - (e) Isa sa-alang-alang at sasang-ayunan, kung kinakailangan, ang anumang mga susog sa Protocol na ito at ang kanyang Annex, at kung anupamang mga dagdag na Annex nitong Protocol, na siyang kinakailangan para sa kanyang pagpapatupad; at,
  - (f) Gampanan ang iba pang mga tungkulin na siyang kinakailangan para sa pagpapatupad ng Protocol.
5. Ang alituntunin sa pamamalakad ng “Conference of the Parties” at ang alituntunin sa pananalapi ng Kasunduan ang gagagamitin, “mutatis mutandis”, sa ilalim nitong Protocol, maliban na lamang kung ito ay dedesisyunan ng “consensus” ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol.
6. Ang unang pagpupulong ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol ay tatawagin ng “Secretariat” at idadaos kasabay ng unang pagpupulong ng Conference of the Parties na siyang nakatakda pagkatapos maging epektibo legal itong Protocol. Ang mga susunod na pagpupulong ng mga “Conference of the Parties” na siya ring pagpupulong mga Partido sa Protocol ay gagawin kasabay ng mga ordinaryong pagpupulong ng “Conference of the Parties”, maliban na lamang kung may naiibang desisyon ang “Conference of the Parties” na siya ring Pagpupulong mga Partido sa Protocol.
7. Ang mga pagpupulong na “extraordinary” ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong mga Partido sa Protocol ay gaganapin sa iba pang mga panahon kung itoy kinakailangan sa pagtala ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong mga Partido sa Protocol o kung may nakasulat na kahilingan ang isang Partido, kinakailangan lamang na sa loob ng anim na buwan na siyang kahilingang ito ay naipaabot din sa iba pang mga Partido ng “Secretariat”, ito ay susuportahan ng di bababa sa ikatlong bahagi (one-third) ng mga talaan ng mga Partido.
8. Ang “United Nations”, ang kanyang espesyal na mga ahensya at ang “International Atomic Energy Agency”, at ang mga estadong miyembro nito o ang mga “observers” nila na hindi Partido ng Kasunduan, ay maaring lumahok bilang “observer” sa mga pagpupulong ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol. Anumang opisina o ahensya, ito man ay nasyonal o internasyonal, “governmental o non-governmental”, sa siyang may kakayahan sa mga bagay na sakop nitong Protocol at siya ay nakapagpaalam sa “Secretariat” na siya ay gustong sumali o magpadala ng kanyang kinatawan sa pagpupulong ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol, ay maaring lumahok, maliban na lamang kung may di bababa sa ikatlong bahagi ng mga Partido ay di-sasang-ayon dito. Maliban na lamang kung ito ay nakasaad sa artikulong ito, ang pagpapapasok at paglahok ng mga “observers” ay sasakupin ng alituntunin ng pamamaraan, na syang nakasaad sa artikulo 5 sa itaas.

# Artikulo

## 27

### SUBSIDIARY BODIES

1. Ang anumang “subsidiary body” na itinatag o nasa ilalim ng Kasunduan ay maaring pagsilbihan ang Protocol, kasama na kung anumang desisyon ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido ng Protocol. Ang anumang desisyon ay tutukuyin ang mga trabahong ipapagawa.
2. Ang mga Partido ng Kasunduan na hindi Partido ng Protocol ay maaaring lumahok bilang “observer” sa mga pagpupulong ng mga nasabing “subsidiary bodies”. Kung ang isang “subsidiary body” ng Kasunduan ay siya rin “subsidiary body” ng Protocol, ang mga desisyon sa ilalim ng Protocol ay gagawin lamang ng mga Partido sa Protocol.
9. Kung ang “subsidiary body” ng Kasunduan at gagampanan ang kanyang tungkulin sa mga bagay na may kinalaman sa Protocol, sino mang miyembro ng “Bureau” ng nasabing “subsidiary body” na siyang kumakatawan sa Partido ng Kasunduan, at sa panahong iyon ay hindi siya Partido ng Protocol, siya ay hahalinhinan ng isang miyembro na siyang pinili sa mga Partido ng Protocol.

# Artikulo

## 28

### SECRETARIAT

1. Ang “Secretariat” na siyang naitalaga ng artikulo 24 ng Kasunduan ay sya ring “Secretariat” ng Protocol.
2. Ang artikulo 24, talata 1, ng Kasunduan, ukol sa mga tungkulin ng mga “Secretariat”, ay siya rin gagamitin, “mutatis mutandis”, sa Protocol na ito.
3. Kung siya man ay kakaiba at maaring ihiwalay, ang mga gastusin sa mga serbisyong pang-secretariat ng Protocol ay sasagutin ng mga Partido dito. Ang “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido ng Protocol ay, sa kaniyang unang pagpupulong, magde-decision sa mga kinakailangang badyet para sa mga ito.

# Article

## 29

### MONITORING AT PAGRI-REPORT

Ang bawat Partido ay imo-monitor ang pagpapatupad ng kanyang mga obligasyon sa ilalim ng Protocol na ito at sa mga kapanahunan at format na aalamin ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol, at magri-report sa Conference of the Parties na siya rin pagpupulong ng mga Partdo sa Protocol kung anu-anong mga hakbangin ang kanyang ginawa upang ipatupad ang Protocol.

# Artikulo

## 30

### MGA PROSESO AT MEKANISMO UPANG ITAGUYOD ANG PAGTALIMA SA PROTOCOL NA ITO

Ang “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol na ito ay, sa kanyang unang pagpupulong, isasa-alang-alang at papayagan ang mga prosesong kooperatiba at mga institusyonal na mekanismo upang itaguyod ang pagtalima sa mga probisyon ng Protocol at harapin ang mga kaso ng di-pagtalima. Ang mga proseso at mekanismo na ito ay maglalagay din ng mga probisyon upang magbigay ng payo at pagtulong, kung nararapat. Ang mga ito ay kakaiba at di makakaapekto sa pagbalangkas ng mga “dispute settlement procedures at mechanisms” sa ilalim ng artikulo 27 ng Kasunduan.

# Artikulo

## 31

### ASSESSMENT AND REVIEW

Ang Conference of the Parties na siya rin pagpupulong ng mga Partdo sa Protocol na ito ay gagawa, pagkatapos ng apat na taon mula sa pagiging epektibo legal ng Protocol na ito, at mula sa panahong iyon ay sa mga pagkakataong itakda ng “Conference of the Parties” na siya rin pagpupulong ng mga Partido sa Protocol na ito, ng isang pag-aaral ng pagiging epektibo ng Protocol na ito.

## Artikulo

### 32

#### PAGPIRMA

Ang Protocol na ito ay bubuksang daan ang pagpirma ng mga Partido ng Kasunduan sa United Nations Headquarters sa New York, mula ika-2 ng Pebrero 2011 hanggang ika-1 ng

Pebrero 2012.

## Artikulo

### 33

#### PAGIGING EPEKTIBO LEGAL

1. Ang Protocol na ito ay magiging epektibo legal sa ika-siyamnapu't araw pagkatapos ng pagdeposito ng ika-limampung instrumento ng ratipikasyon, pagtanggap, pagpayag o "accession" ng mga Estado o "regional economic integration organizations" na Partido ng Kasunduan.
2. Ang Protocol na ito ay magiging epektibo legal para sa isang Estado o "regional economic integration organization" na siyang magraratipika, tatanggap o papayag sa Protocol na ito or mag-a-accede dito pagkatapos ng pagdeposito ng ika-limampung instrumento na nasabi sa talata 1 sa itaas, sa ika-syamanapu't araw pagkatapos ng petsa na kung saan ang Estado o "regional economic integration organization" ay nagdeposito ng kanyang instrumento ng ratipikasyon, pagtanggap o pagpayag o "accession", o sa petsa na kung saan ang Kasunduan at naging epektibo legal para sa nasabing Estado o "regional economic integration organization".
3. Para sa mga layunin ng talata 1 at 2 sa itaas, ang anumang instrumento na nai-lagak ng isang "regional economic integration organization" ay hindi bibilangin na karagdagan sa mga instrumentong nai-lagak ng mga bansang miyembro ng nasabing organisasyon.

## Artikulo

### 34

#### PAGPAPARESERBA

Walang pagpapareserba ang maaaring gawin sa Protocol na ito.



# Artikulo

## 35

### PAG-URONG

1. Sa kahit anumang panahon pagkatapos ng dalawang taon sa panahon na itong Protocol ay naging epektibo legal para sa isang Partido, ang nasabing Partido ay maaring umurong sa Protocol na ito sa pamamagitan ng pagbigay ng nakasulat na pagpapaalam sa “Depositary”.
2. Ang pag-urong na nasabi ay mangyayari pagkatapos ng paglipas ng isang taon pagkatapos na ito ay matanggap ng “Depositary”, or kung sa anumang petsa na nakasaad sa pagpapaalam ng nasabing pag-urong.

# Artikulo

## 36

### MGA TUNAY NA MGA TEKSTO

Ang original ng Protocol na ito, na kung saan ang Arabo, Tsino, Ingles, Pranses, Ruso at Kastilang teksto ay kahalintudang tunay, ay ide-deposito sa Secretary-General ng United Nations.

KAMI NA MGA NAGPAPATUNAY NITO, at siyang nabigyan ng akmang awtorisasyon para dito, ay pumirma sa Protocol na ito, sa petsang nakasaad.

GINAWA sa Nagoya nitong ika-29 ng Oktubre 2010.

## Annex

### BENEFISYONG “MONETARY AT DI-MONETARY

1. Ang mga benepisyong monetary ay maaring kasama ang mga sumusunod, at di lang ang mga ito:
  - (a) “Access fees/fee” kada sample na nakulekta o nakuha;
  - (b) Kagyat na pagbayad;
  - (c) “Milestone payments”;
  - (d) Pagbabayad ng mga “royalty”;
  - (e) “License fees” kung sa mga kaso ng pagkakalakal;
  - (f) Mga espesyal na bayarin sa “trust fund” na sumusuporta ng pangangalaga ng pagpapanatiling paggamit ng samu’t saring buhay;
  - (g) Mga pasuweldo at mga iba pang mga “preferential terms” na napagkasunduan;
  - (h) Pondo para sa pananaliksik;
  - (i) “Joint ventures”;
  - (j) “Joint ownership” ng makabuluhang “intellectual property rights”.
  
2. Ang mga benepisyong di-monetary ay maaring kasama ang mga sumusunod, at di lang ang mga ito:
  - (a) Pagbabahagi ng resulta ng pananaliksik at pagpapaunlad;
  - (b) Pakikipagtulungan, kooperasyon at kontribusyon sa mga programang makasyentipikong pananaliksik at pagpapaunlad, lalo na ang mga aktibidad na may kinalaman sa “biotechnological research”, kung maaaring gawin, sa Partido na nagbigay ng genetikong kayamanan;
  - (c) Pagsali sa “product development”;
  - (d) Pakikipagtulungan, cooperation at kontribusyon sa edukasyon at pagsasanay;
  - (e) Pagpasok sa mga “ex-situ facilities” ng genetikong kayamanan at mga databases;
  - (f) Paglipat papunta sa mga nagbigay ng genetikong kayamanan ng kaalaman at teknolohiya sa mga pantay-pantay at pinakapabor na kondisyon, kasama na ang mga kondisyong “concessional” at “preferential”, kung ito ay napagkasunduan, lalu na ang mga kaalaman at teknolohiya na gumagamit ng genetikong kayamanan, kasama na ang “biotechnology”, o yaong mga makabuluhan para sa

pangangalaga at mapagpanatiling paggamit ng samut-saring buhay.

- (g) Pagpapalakas ng kakayahan para sa paglilipat-teknolohiya;
- (h) Pagbubuo ng kapasidad institusyonal;
- (i) “Human and material resources” upang mapalakas ang mga kakayahan para sa pamamahala at pagpapasunod ng mga regulasyon ukol sa pagbibigay-daan sa pagkuha;
- (j) Pagsasanay na may kinalaman sa genetikong kayamanan na may buong paglahok ng mga bansang nagbigay ng genetikong kayamanan, at kung kakayanin, sa mga bansang ito gagawin;
- (k) Pagbibigay-daan sa pagkuha ng siyentipikong impormasyon na may kabuluhan para sa pangangalaga at pagpapanatili ng paggamit ng samu’t saring buhay, kasama na ang mga biological inventories at taxonomic studies;
- (l) Kontribusyon para sa lokal na ekonomiya;
- (m) Pananaliksik patungo sa mga pangunahing mga pangangailangan, tulad ng kalusugan at seguridad sa pagkain, na may pagtingin sa mga gamit ng mga genetikong kayamanan sa loob ng Partido na nagbibigay ng genetikong kayamanan;
- (n) Institusyonal at propesyunal na relasyon na maaaring magbunga mula sa kasunduang access and benefit-sharing at mga sumusunod na mga gawaing pakikipagtulungan;
- (o) Benepisyong para sa pagkain at seguridad pangkabuhayan;
- (p) Pagkilala ng lipunan;
- (q) “Joint ownership of intellectual property rights”.